## Kailanman ay Hindi Katanggap-tanggap ang Karahasan sa Pamilya at Tahanan

Kung dumaranas ka ng karahasan sa pamilya at tahanan, maaaring natatakot ka, nalilito, o nababahala—normal na reaksyon ito.

Ang karahasan o pang-aabuso sa isang relasyon ay **hindi kailanman katanggap-tanggap**.

Maaaring magdahilan ang nang-aabuso sa kaniyang karahasan o sisihin ka sa kaniyang ikinikilos. **Hindi mo kasalanan ang karahasan**. Ang may responsibilidad sa karahasan ay palaging ang nang-aabuso.



## Nag-aalala ka ba para sa isang kakilala Mo?

Kung nag-aalala ka para sa isang kaibigan, kapamilya, katrabaho, kapitbahay, o iba pang kakilala na dumarnas ng karahasan sa pamilya at tahanan, tawagan **ang FREE 24/7 response line ng Safe Steps sa 1800 015 188**.

Isa sa aming mga Family Violence Crisis Specialist ang makikipag-usap sa iyo tungkol sa pinakamahusay na paraan kung paano lalapitan ang tao at ipaaalam sa kaniya ang mga magagamit na serbisyong suporta.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa **safesteps.org.au/information-for-family-friends.**

## Ano ang Safe Steps?

Ang Safe Steps Family Violence Response Centre ay ang pang-estadong 24/7 crisis response service ng Victoria para sa mga taong dumaranas ng karahasan sa pamilya at tahanan. Nag-aalok kami ng suporta sa sinumang nangangailangang takasan ang karahasan sa pamilya at tahanan at mabuhay ng walang pang-aabuso. Noong nakaraang taon, nakatanggap kami ng mahigit sa 50,000 tawag na sinagot ng humigit-kumulang 100 na mga Family Violence Crisis Specialist.

**Kung kailangan mo o ng isang kakilala mo ng tulong**
Tumawag sa Safe Steps para sa kumpidensyal na suporta at impormasyon sa 1800 015 188.

**May makukuhang mga serbisyo ng interpreter at serbisyo para sa may kapansanan.**

Ang Safe Steps ay isang srebisyong malugod sa LGBTIQA+ at may paggalang sa kultura. Kami ay nakatuon sa pagtulong sa sinumang dumaranas ng karahasan sa pamilya at tahanan.

Tumawag sa Safe Steps 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa

**1800 015 188**

Email: **safesteps@safesteps.org.au**

Webchat: **safesteps.org.au/chat**
(Lunes-Biyernes, 9am hanggang hatinggabi maliban sa mga pista opisyal)

Bisitahin ang aming website: **safesteps.org.au**

Kinikilala ng Safe Steps Family Violence Response Centre ang mga Tradisyonal na mga Tagapangala ng Lupa (Traditional Custodians of Country) sa buong Victoria, ang lupang pinagdadalhan ng aming mga serbisyo. Ipinapakita namin ang aming paggalang sa mga Aboriginal at Torres Strait Islander, kanilang kultura, at mga Nakatatanda (Elders), noon at ngayon. Kinikilala namin ang karapatan ng mga First People sa sariling pagpapasya at sa pagpapatuloy ng kanilang koneksyon sa mga lupa, tubig, at komunidad.

Kinikilala ng Safe Steps Family Violence Response Centre at iginagalang ang mga tao ng lahat ng kasarian, sekswalidad, at sekswal na oryentasyon. Kami ay nakatuon sa pagpapabuti ng access at inklusyon ng mga lesbian, gay, bisexual, transgender, queer, intersex, at asexual na mga tao na nangangailangan ng aming suporta at nakatuon sa patuloy na pagpapabuti upang maging ligtas at inklusibo ang serbisyo at lugar ng trabaho para sa komunidad ng LGBTIQA+.

2024

# May karapatan kang mamuhay na walang karahasan sa pamilya



Safe Steps
FAMILY VIOLENCE RESPONSE CENTRE

# Tumawag sa Safe Steps upang makatakas sa karahasan sa tahanan at pamilya

Ang iyong 24/7 pambuong estadong mga serbisyong tumutugon sa krisis sa karahasan sa tahanana at pamilya para magbigay ng payo, suporta, at matutuluyan sa emerhensya.



## Ano ang karahasan sa pamilya at tahanan?

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay anumang nagbabanta o mapang-abusong kilos na nagdudulot sa iyo ng takot o pakiramdam na hindi ligtas at nangyayari sa pagitan ng mga tao sa isang pamilya o intimate na relasyon.

Hindi kailangang maging marahas ang kilos, ngunit kung ang kilos ay nagdudulot sa iyo ng **pangamba para sa iyong kaligtasan o kaligtasan ng iba, oras na upang tumawag sa Safe Steps.**

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay maaaring makaapekto sa sinumang nasa anumang uri ng relasyon, kabilang ang:

- Mga nakaraan o kasalukuyang intimate na relasyon, kabilang ang mga relasyon kung saan kayo ay nagde-date o nagsasama sa isang bahay
- Mga relasyon na kinasasangkutan ng mga tagapag-alaga ng mga taong may kapansanan, karamdaman, o matatanda
- Mga relasyon na kinabibilangan ng mga kamag-anak at guardian
- Mga pampamilyang grupo na kinikilala ng kultura

Makukuha ang polyetong ito sa mga alternatibong format.

Para sa isang naa-access na bersyon, mag-email sa disability@sfesteps.org.au at para sa iba pang mga opsyon sa wika pumunta sa safesteps.org.au.

## Ano ang anyo ng karahasan sa pamilya at tahanan?

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay hindi lamang pisikal na pang-aabuso. Maaaring kabilang dito ang:

- Sekswal na pang-aabuso
- Emosyonal at sikolohikal na pang-aabuso
- Pinansyal na pang-aabuso, tulad ng hindi pagkakait ng pera o hindi pagpapayag sa iyo na magtrabaho
- Pagkontrol sa maaari at hindi mo maaaring gawin
- Pagsubaybay at pagmamanman sa iyong kotse o mga aparato
- Pagkabukod mula sa pamilya at mga kaibigan
- Pagpipigil sa iyong lumabas ng bahay
- Pagababanta sa iyo o sa iyong mga mahal sa buhay kabilang dito ang mga maliliit na anak, alagang hayop, o ibang miyembro ng pamilya
- Pagsira ng iyong mga personal na pag-aari

Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang anyo ng karahasan sa pamilya at tahanan, bisitahin ang safesteps.org.au.

## Paano ka matutulungan ng Safe Steps

Kapag tumawag ka sa Safe Steps 24/7 crisis response line sa **1800 015 188 o makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng webchat sa safesteps.org.au**, makakausap mo ang isa sa aming Family Violence Crisis Specialist.

Ang aming mga Family Violence Crisis Specialist ay maaaring:

- Tasahin ang mga panganib sa iyo, at humanap ng mga opsyon upang higit kang maging ligtas, kung nais mo mang manatili sa relasyon o umalis
- Lumikha ng pansariling plano sa kaligtasan (personal safety plan) na idinisenyo upang panatilihing ligtas ka at ang iyong mga anak
- Tasahin ang pagiging karapat-dapat at ayusin ang pag-access sa ligtas na matutuluyan kung may krisis (safe crisis accommodation) para sa iyo, sa iyong mga anak, at mga alagang hayop, batay sa mga natuklasan ng pagtatasa ng panganib (risk assessment) at makukuhang matutuluyan
- Suportahan ka kung paano maaaring manatili sa iyong tahanan kasama ang iyong mga anak – kung ligtas itong gawin – kailan dapat umalis ang nang-aabuso ayon sa batas.
- Ipaliwanag ang iyong mga ligal na karapatan at karapatang matanggap kabilang ang pag-uugnay sa iyo sa Victoria Police o pagtulong sa iyong mag-aplay para sa intervention order
- I-refer ka sa mga lokal na serbisyo na maaaring magbigay ng natatanging suportang pambatas, pinansyal, kultural, at pampamilya